

# SHEET NG IMPORMASYON: Mga Opsyon sa Direct Leasing

---

Release Date: December 19, 2017

Hinihingi ng General Land Office (GLO) ng Texas ang iyong tulong sa pagbibigay ng mga solusyon sa pabahay para sa mga kwalipikadong mamamayan ng Texas na lumikas sa kanilang mga permanenteng tirahan dahil sa Bagyong Harvey.

Nagbibigay ang GLO ng paupa para sa pansamantalang pabahay sa pamamagitan ng programang Direct Leasing (Direktang Pagpapaupa) at Multi-Family Lease and Repair (Paupa at Pagsasaayos para sa Maraming Pamilya) sa mga kwalipikadong mamamayan ng Texas na hindi makabalik sa kanilang mga tirahan dahil sira o hindi pa naisasaayos ang mga ito. Ang pakikilahok ng komunidad sa mga programang ito ay mahalaga sa kanilang pagtatagumpay at isang malaking bahagi ng aming mga pagsisikap na muling magtayo ng mga tirahan.

**Direct Leasing:** Nagbibigay-daan sa pamahalaang paupahan ang isang ari-ariang hindi pangkalahatang magagamit ng publiko sa ibang sitwasyon, gaya ng pabahay ng kumpanya, sa mga nasalanta.

- Sa minimum, dapat ay may mga kumpleto at hiwalay na pasilidad sa pamumuhay ang mga ari-arian para sa isa o higit pang tao, kung saan maaaring manirahan, matulog, at magluto.
- *Hindi kwalipikado ang mga hotel, motel, at mga extended stay lodging.*

**Multi-Family Lease and Repair:** Nagbibigay-daan sa pamahalaan na makipagkasundo upang makagawa ng mga pagsasaayos at mapaupahan ang



FEMA

Page 1 of 3

mga multi-family housing sa kasalukuyan, gaya ng mga apartment, upang makapagbigay ng higit pang pabahay sa mga nasalanta.

Tutukuyin ng GLO ang halaga ng upa at ang gastusin sa mga pagsasaayos. Ang gastusin sa mga pagsasaayos na ito ay ikakaltas sa halaga ng upa, at hindi maaaring lumampas sa halaga ng upa.

Dapat makatugon ang mga ari-arian sa mga minimum na kinakailangang ito:

- Dapat ay dati nang nagamit ang mga ito bilang multi-family housing (may tatlong unit o higit pa);
  - Dapat ay nasa inilaan o contiguous na lugar para sa sakuna ang mga ito;
  - Dapat ay maaaring paupahan ng GLO nang kahit hanggang Pebrero 2019 lang ang mga ito;
  - Dapat ay maisasaayos ang mga ito sa loob ng apat na buwan; at
  - Dapat ay wala ang mga ito sa isang Special Flood Hazard Area.
- *Hindi kwalipikado ang mga hotel, motel, at mga extended stay lodging.*

Ang mga ari-arian para sa Direct Leasing at Multi-Family Lease and Repair ay dapat nasa isang inilaan o contiguous na county para sa Direct Housing.

Ang mga may-ari ng ari-arian na may mga unit na ginagamit sa isang programa sa pagpapaupa ng pansamantalang pabahay ay dapat lumagda ng kontrata sa pagpapaupa sa mga lokal na entity ng pamahalaan. Bago lagdaan ang isang paupa, susuriin ang mga ari-arian upang malaman kung nakakatugon ang mga ito sa mga minimum na kinakailangang ito:

- Sulit, nakakatugon sa Fair Market Value;



**FEMA**

Page 2 of 3

- Kakayahan ng nagpapaupa na mamahala at magbigay ng mga serbisyo sa pagmementina; at
- Ang distansya nito sa mga serbisyo sa komunidad.

Pinapares ng GLO ang mga kwalipikadong tenant sa pinakanaaangkop na magagamit na Direct Temporary Housing at solusyon upang matugunan ang kanilang mga indibidwal na pangangailangan batay sa pagpapasya ng FEMA para sa pagiging kwalipikado.

Maaaring palawigin ng GLO ang mga paupa nang lampas sa Pebrero 2019 kung papalawigin ng FEMA ang panahon ng tulong, at may karapatan itong wakasan ang isang paupa sa pamamagitan ng nakasulat na abiso 30 araw bago ang pagtatapos ng paupa.

Upang isaalang-alang ang iyong ari-arian para sa programang MLR o Direct Leasing, mangyaring makipag-ugnayan sa Texas Apartment Association (TAA) sa 512-479-6252.

Ibinibigay ng FEMA ang direktang pabahay bilang pansamantalang solusyon kapag hiniling ng estado, at hindi ito ginawa upang maging isang permanenteng opsyon sa pabahay ng mga naapektuhan ng baha.

